AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
### Aralin 7

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang isa na namang panibagong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Pambihirang Buhok ni Raquel" na isinulat ni Luis P. Gatmaitan, M.D.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 7** |
|---|
| Book Title: Pambihirang Buhok ni Raquel |
| Author: Luis P. Gatmaitan, M.D. |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? ☺☀ Narito si Teacher _____ para sa ating Reading Lesson! 🧡📚 Ang babasahin natin ngayong araw ay ang unang parte ng "Pambihirang Buhok ni Raquel" ni Luis P. Gatmaitan, M.D. 👩🏽🏫

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Ating tandaan ang mga pangakong ito. ☺

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin!

Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga ‘to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Pambihira** - hindi karaniwan
**(2) Pagkandirit** - paglundag
**(3) Baryo** - distrito
**(4) Mapalad** - maswerte

Alam kong kakayanin natin ‘to! Simula na tayo!
--

**IV.📚 PAMBIHIRANG BUHOK NI RAQUEL NI LUIS P. GATMAITAN M.D.**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Bilib na bilib ako kay Raquel. Sa lahat ng aking mga pinsan, siya ang aking hinahangaan. Ang kulay ng buhok 👩🏻‍🦰 niya ay iba-iba. May asul 💙, dilaw 💛, at saka pula ❤. Pambihira talaga! 😮

•Hindi alam ni Raquel, naiinggit ako sa kaniya. Maganda kasi siya. Makinis ang kaniyang balat - kay puti-puti. May dimpol siya pag ngumingiti 👩🏻‍🦰. Hindi galawgaw kung kumilos. Kay galing niyang mag-Ingles. At yun pa nga, mayroon siyang kakaibang buhok. 👩🏻‍🦰

•Bakit kaya wala ako ng meron siya? 🤔 Tuloy, pag ikinokompora ko ang sarili ko kay Raquel, parang ang layo- layo ko. 😅

•Madalas, ginagaya ko siya - ang kaniyang pag ngiti 🙂, pagdadamit 👗, pagkandirit, at pagkanta-kanta 🎤. Kapag sinabi niyang, “Wow! Ang galing-galing.” 😮👏 Gano’n na rin ang laging bigkas ng aking bibig.

•Dadalhin ko ‘yon sa buong panahon na kami ay magkalayo. Buti na lang, minsan sa isang taon, tuwing panahon ng mangga🥭 at duhat🍈, daigdig namin ay nagtatagpo - sa pamimitas ng sinigwelas, sa paglalaro ng piko 🤼‍♀, at sa panghuhuli ng alitaptap.

•Hindi siya maselan kahit ang bango-bango niya, at ako’y amoy-araw. Palagi niya nga akong hinahalikan 😘! Hindi siya isnabera kahit taga-Maynila siya, at ako’y taga-baryo. 🙂

•Siya pa nga ang nauunang pumansin sa akin. At, hindi niya ako pinagtatawanan. Kahit mali-mali ang Ingles ko.

•Pero napapansin ko, lagi niyang sinasabi sa akin, “Ana, Ana, mas mapalad ka.” Aba’y bakit kaya? 🤔
--

--
Nabasa bang maigi ang kwento? Nasa unang parte pa lang tayo ha!

**V. Gawain** ✏

Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Natatandaan mo pa ba ang mag pinsan sa kwento?

🔎 Ano nga ba ang mga katangian ni Raquel na kinainggitan ni Ana?

🔎 Ano ang paborito nilang gawin tuwing panahon ng mangga at duhat?

🔎 Ano nga ba ang laging sinasabi ni Raquel kay Ana?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽

Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang katanungang ito::

Anu-ano ang mga katangian ng ating hinahangaang kakilala na gusto nating magkaroon tayo? 🤔

Ano man ang inyong sagot, huwag sana na makaramdam ka ng inggit sa iba 🤗. Tandaan, tayo ay may kanya-kanyang galing. At, nasa ating kamay 🤲 kung paano ito hasain pa. Tiyak, kapag tayo ay nag-ensayo 🏋️‍♂️ at nagpakahirap ay gagaling tayo sa anumang larangan ng buhay. 😊

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏

🔎 Ito ay sina Ana 👩🏻 at Raquel 👩🏻‍🦰. Ikaw, maaari mo bang isulat ang pangalan mo at ng paborito mong pinsan? 🤔

🔎 -Makinis ang kaniyang balat - kay puti-puti. 👩🏻‍🦰
-May dimpol siya pag ngumingiti. 😊
- Hindi galawgaw kung kumilos.
-Kay galing niyang mag-Ingles.
-At, mayroon siyang kakaibang buhok.

Ikaw, anong hinangaan mo sa iyong paboritong pinsan? 🤔

🔎 - Pamimitas ng sinigwelas.
- Paglalaro ng piko. 🤼‍♀️
- At, panghuhuli ng alitaptap.

Ikaw, anong paborito ninyong gawin o laruin ng paborito mong pinsan? 🤔

🔎Laging sinasabi ni Raquel na mas mapalad si Ana.

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤

-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.